# Isang Panimulang Pag-Aaral sa Pelikulang Historikal ng Sineng Filipino

**John Adrianfer ATIENZA**
Marist School Marikina
atienzaadrian1@gmail.com
https://orcid.org/0000-0001-6528-7581

**ABSTRAK**

Ang pag-aaral ay isang panimulang pagsisiyasat sa pelikulang historikal sa sinemang Pilipino. Ito ay nakatuon sa tatlong pangunahing aspekto: ang kahulugan, kasaysayan, at kategorisasyon ng pelikulang historikal. Ang pag-aaral ay isang ambag sa araling pelikula at kasaysayang pelikula. Nakalayon ito na maghain ng espasyo para sa mas malalim pang pagtalakay ukol sa pelikulang historikal.

***Mga Susing Salita:*** *sinemang Pilipino, pelikulang historikal, kasaysayan ng pelikulang historikal.*

## Panimula

Naging usapin kamakailan ang binabalak na pelikulang historikal ukol sa buhay ni Miguel Malvar, isang heneral noong digmaang Pilipino-Amerikano. Ang nasabing pelikula, na pagbibidahan ni Manny Pacquiao, ay umani ng puna at kontrobersya pagkaraan magkaroon ng komplikasyon sa pagpayag ng pamilya ni Malvar sa pagsasapelikula ng buhay ng heneral.[1] Kasabay nito, lumabas din ang balita ng isa pang pelikulang historikal. Ito naman ay nagtatangkang bigyang depiksyon ang buhay ni Andres Bonifacio kung saan ang gaganap na supremo ay si Isko Moreno.[2] Ang paglahok ni Pacquiao at Moreno, hindi lamang bilang mga tipikal na karakter kung hindi bilang mga bidang karakter na gumaganap bilang mga bayani ng pinilakang-tabing, ay siyang nagpalala sa pagiging kontrobersyal ng mga nabanggit na pelikula. Taong 2019 lumabas ang isyu. Ito ay panahon kung kailan papalapit na ang eleksyon na siyang dahilan kung bakit hindi maiwasang iugnay ang pagkakalikha ng mga pelikula sa pulitika. Dahilan sa tatakbo ang dalawa sa pinakamataas na posisyon ng bansa, hindi nakaligtas ang mga pelikula na tingnan bilang mga behikulo ng pangangampanya sa pagkapangulo.

Mapapaisip kung ano nga ba ang ugat ng ganitong kalarakang pangpulitika o ang paggamit ng pelikulang historikal bilang palundagang pangsarili sa pangangampanya. Hindi nalalayo, ang pelikula mismo ay nagamit na bilang behikulong pangkampanya mula pa noong kandidatura nina Ferdinand Marcos at Diosdado Macapagal noong 1960s hanggang sa pulitikal na karera ni Joseph Estrada bilang alkalde, senador, at pangulo.[3] Sa mas ispesipikong pagsisiyasat,

[1] Maricar Cinco, "Malvar biopic starring Pacquiao stirs controversy," huling binago noong Oktubre 15, 2019, https://newsinfo.inquirer.net/1177576/malvar-biopic-starring-pacquiao-stirs-controversy.

[2] "What we know about the Andres Bonifacio movie starring Isko Moreno," huling binago noong Hunyo 14, 2021, https://www.rappler.com/entertainment/movies/what-we-know-so-far-andres-bonifacio-movie/.

[3] Eva-Lotta Hedman, "The Spectre of Populism in Philippine Politics and Society: Artista, Masa, Eraption!," *South East Asia Research* 9, no. 1 (2001): 5–44.

Atienza, John Adrianfer. "Isang Panimulang Pag-aaral sa Pelikulang Historikal ng Sineng Pilipino." *TALA* 5:1 (June 2022), pp. 140 – 165.

mapapansin na maraming nang aktor na gumanap bilang mga bayani ng pinilakang-tabing sa mga pelikulang historikal ang naihalal bilang mga pulitiko ng bansa. Bilang mga halimbawa, nariyan sina Lito Lapid na gumanap bilang Lapu-lapu sa pelikulang *Lapu-Lapu* (2002) at Jeorge Ejercito Estregan bilang Emilio Aguinaldo sa pelikulang *El Presidente* (2012). Nagtangka rin makakuha ng puwesto sa pulitika sina Cesar Montano na gumanap bilang Jose Rizal sa *Jose Rizal* (1998) at ang Hari ng Pelikulang Pilipino na si Fernando Poe Jr. sa mahabang listahang ng mga pelikulang historikal tulad *The Walls of Hell* (1964), *Santiago!* (1970), *Asedillo* (1971), at *Aguila* (1980). Naipapaliwanag ng pagkakaroon ng maraming artistang pulitiko ang pangangailangan sa pagsusuri sa masalimuot na relasyon ng kandidatura at pelikulang historikal. Hindi man sa pagmamalabis, mas kakaiba ang naidudulot na epekto ng mga bayani ng pinilakang-tabing kaysa sa mga tipikal na bida ng pelikulang bakbakan o pelikulang melodrama sa kabuuang pagbuo ng makapangyarihan at kaakit-akit na imahe dahilan sa tinatangi nitong makabayan at magiting na pampelikulang persona na pawang mga ideyal na katangian ng isang pulitiko.[4] Subalit, sa tangkang pagsusuri sa ugnayan ng dalawa, nakasalubong ang mas kinakailangang pagtuunan ng pansin. Habang nagsasagawa ng pagkalkal, partikular sa mga pelikulang historikal ng mga pulitiko, napagtanto ang mas kinakailangang bagay na marapat muna mabigyan ng pagsisiyasat: ang pelikulang historikal per se.

Ang kasalukuyang pag-aaral ay isang panimulang pagtatangka sa mas malalim na pag-aaral ng pelikulang historikal. Mahalaga isaad na marami ng pag-aaral ang nailathala ukol sa mga pelikulang naglantad ng nakaraan.[5] Subalit, nakapokus ang pag-aaral sa pagsisiyasat sa mga pundamental na aspekto ng pelikulang historikal: ang kahulugan, kasaysayan, at kategorisasyon. Nahahati ang pag-aaral sa apat na pangunahing bahagi. Una, magkakaroon ng maikli pagpasada sa mga kahulugan at pagtukoy sa pelikulang historikal. Ang ikalawang bahagi ay magsisilbi bilang pagbaybay sa kasaysayan ng pelikulang historikal sa larangan ng sineng lokal. Habang ang ikatlo ay ang paglalantad ng kasaysayan ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga pelikula. Nakatuon ang ikaapat na bahagi sa pagsusuri ng mga kategorisasyon ng mga pelikulang historikal sa sineng lokal. Sa kabuuan, nakalayon ang inisyal na pag-aaral sa paghahain ng hapag para sa mas malalim pang pagtalakay sa pelikulang historikal.

## Iba't-ibang pagtukoy sa pelikulang historikal

Isa sa pinakamayamang batis-sinematiko ng mga naratibo sa pelikulang Pilipino ay ang mga kuwento mula sa kasaysayan.[6] Isa ang historikal o pangkasaysayan sa itinuturing bilang mga pangunahing genre o pormang

---

[4] Rolando Tolentino, "Sinema ng Milenyo: Kritisismong Pampelikula, Kritisismong Pambansa," sa *A Reader in Philippine Film: History and Criticism; Essays in Honor of Nicanor G. Tiongson*, mga pat. Jonathan Chua, Rosario Cruz-Lucero, & Rolando Tolentino (Quezon City: University of the Philippines Press, 2014), xxiii.

[5] Joyce Arriola, "Theorizing the Filipino Historical Fiction Film," *Manila* 5, no. 1 (2009): 160-187; Nick Deocampo, "City, Nation, Cinema: Manila's Representation on Screen," *Manila* 5, no. 1 (2009): 188-212; Patrick Campos, "The Fil-Am Contact, the Politics of Memory, and the Ends of Cinematic Experimentation" sa Chua, Cruz-Lucero, & Tolentino, *A Reader in Philippine Film*, 75-95; Nicanor Tiongson, "Heneral Luna: Appreciation and Reservation," *Plaridel* 13, no. 1 (2016): 137-147; Mary Jane Rodriguez-Tatel, "Kanya-kanyang Rizal: Diskurso ng Kabayanihan sa Pelikulang Rizal," *Daluyan*, 25, no. 1-2 (2019): 11-39; Kerby Alvarez, "Patriotic Masculinity and Anti-Colonial Nationalism in Select Philippine Historical Films," *Southeast Asian Media Studies Journal* 3, no. 2 (2021): 77-106.

[6] Cultural Center of the Philippines, *CCP Encyclopedia of Philippine Art (Film), Vol. 7* (Manila: Cultural Center of the Philippines, 1994), 68-69.

© 2022 John Adrianfer Atienza

pampelikula sa sineng lokal. Talamak ang pagsasapelikula ng mga salaysay ng nakaraan magmula pa noong unang mga taon ng Sineng Filipino.

Sa katunayan, kung titingnan pa ang mas malalim na ugat ng pelikula bilang isang kilusang teknolohikal noong dulong bahagi ng ika-19 na dantaon, makikita na nangunguna ang mga pelikulang naglalaman ng temang historikal. Ilan sa mga ito ay ang mga pelikula ng tagapangunang direktor na si Georges Méliès, partikular ang mga pelikulang silent na *Sea Fighting in Greece* (1897) ukol sa digmaang Greco-Turkish noong 1897, *The Last Cartridges* (1897) tungkol sa pagdepensa ng Bazeilles noong digmaang Franco-Prussian ng 1870, at ang biograpikal na *Joan of Arc* (1900). Dagdag sa mga nabanggit, mababanaag din na naging tuon ng mga unang pelikula ukol sa Pilipinas ang digmaang Espanyol-Amerikano ng 1898. Yamang kolonya ng Espanya ang Pilipinas noon, nakasama sa maagang depiksyong historikal pampelikula ng digmaan ang bansa. Mapapanood ito sa mga pinakaunang pagtatangkang bigyang pagsasabiswal ang isang kaganapang historikal na matutunghayan sa *Battle of Manila Bay* (1898) nina J. Stuart Blackton at Albert E. Smith.[7] Pinaniniwalaang nagprodyus din ng kaniyang rendisyon ng digmaan si Méliès sa pelikulang *Combat Naval devant Manille* (1898).[8] Karugtong na rin ng mga pelikulang ito ang mga pekeng depiksyon ng mga pangyayari noong digmaang Pilipino-Amerikano sa mga pelikula tulad ng *Advance of Kansas Volunteers at Caloocan* (1899) at *US Troops and Red Cross in the Trenches before Caloocan* (1899) ng kompanya ni Thomas Edison. Purong rekonstruksyon ang mga pelikula na nakapokus sa pagpapakita ng tagumpay ng kolonisasyong nagtataguyod ng imperyal na tunguhin ng Estados Unidos.[9] Mula sa mga ito, lantad na makikita ang pagiging matatas ng mga kaganapang historikal bilang sinematikong reperensiya sa mga unang pelikulang nalikha ukol sa Pilipinas.

Ang pelikulang historikal ay binigyang depinisyon ng Sentrong Pangkultura ng Pilipinas bilang mga pelikulang nakabatay sa mga aktuwal na kaganapan ng nakaraan at kuwento ng buhay ng mga indibidwal. Ayon sa sentro,

> The historical film is based on real lives or actual events that happened in the distant past. The first type focuses on true life stories and biographies of famous persons, such as heroes and heroines, as well as notorious personalities, such as bandits, criminals, and underworld characters who existed at one time or another in the past. The second type deals with historical places and events which are resurrected or recreated in the film.[10]

Sang-ayon din sa depinisyon ang pagtukoy ng ilan pang iskolar na nagkakaiba ng kaunti sa pagtatrato sa pelikulang historikal bilang naratibo ng bansa. Ayon kay Atoy Navarro, ang mga pelikula ay instrumento para sa paglalahad at pagtatala ng karanasan, kamalayan, damdamin, at tunguhin ng bayan.[11] Ibig

[7] Robert Burgoyne, *The Hollywood Historical Film* (Oxford: Blackwell Publishing, 2008), 24; Nick Deocampo, *Film: American Influences on Philippine Cinema* (Mandaluyong: Anvil Publishing Inc., 2011), 39.

[8] Deocampo, *Film*, 40.

[9] Rolando Tolentino, "Introduction," sa *Geopolitics of the Visible*, pat. Rolando Tolentino (Quezon City: Ateneo de Manila Press, 2000), ix; Jay Jomar Quintos, "Ang Diskurso ng Pelikula sa Kolonyalismo at Ikatlong Daigdig," sa Chua, Cruz-Lucero, & Tolentino, *A Reader in Philippine Film*, 61-63.

[10] Cultural Center of the Philippines, *CCP Encyclopedia of Philippine Art*, 88.

[11] Atoy Navarro, "Kasaysayan at Pelikula: Panonood-Pelikula sa Pagtuturo ng Bagong Kasaysayan," sa *Kaalaman at Pamamaraan sa Pagtuturo ng Kasaysayan*, mga pat. Atoy Navarro, Alvin Campomanes, & John Lee Candelaria (Quezon City: University of the Philippines, Lipunang Pangkasaysayan, 2008), 136.

© 2022 John Adrianfer Atienza

sabihin, ang mga pelikulang historikal ay mga aparatong biswal na ang layon ay magsalaysay ng mga bagay sa nakaraang may saysay. Para naman kay Jay Jomar Quintos, maiuugnay ang pelikulang historikal bilang mahahalagang espasyo ng kalinangang Pilipino. Ito ay mga espasyong pangsining na nagsisilbi bilang repleksyon ng realidad, mismong nagtatanghal ng realidad, at tumatayo bilang kolektibong naratibo ng bansa sa iba't ibang yugto ng panahon.[12]

Tinatalakay naman ni Nicanor Tiongson ang pelikulang historikal sa dalawang aspekto. Ang una ay tumutukoy sa pelikulang historikal bilang biswal na nagdodokumento at nagbibigay pakahulugan sa mga bagay-bagay mula sa nakaraan. Ayon kay Tiongson,

> The strictly "historical" film documents and interprets characters who actually lived in Philippine society, within the material culture (costumes, houses, vehicles, tools, food, flora, fauna, etc.), the value system (as found in education, social customs, religion, government, etc.), and conflicts of the period in which they lived, whether these conflicts be economics (e.g. between landlord and peasants in 1930, or American capitalists and Filipino workers in 1907), political (e.g. between Federalistas and Nacionalistas in 1907, or the Sakdals and the Quezon government in the 1920's), or socio-cultural (between Spanish and Filipino students in UST in the 1880's, between the secular and regular priests in the 1870's).[13]

Ang ikalawa ay ang paggamit ng sinema sa kasaysayan sa kaparaanang piksyunal. Ito ay inilarawan ni Tiongson bilang "fictionalized historical film which creates and interprets a fictional character within the material culture, the value systems, and the economical/political/socio-cultural conflicts of a given historical period."[14] Sa madaling saad, ang mga pelikula historikal ay siyang biswal na karakterisasyon ng kultura, pulitika, at halagahin ng isang lipunan sa isang partikular na panahon.[15]

Sa mas ispesipikong pagpapakahulugan, inilarawan ni Robert Rosenstone ang pelikulang historikal sa tatlong uri: kasaysayan bilang drama, kasaysayan bilang dokumento, at kasaysayan bilang eksperimento.[16] Ang unang uri ay ang karaniwan at regular na pinapanood na uri ng pelikula ukol sa kasaysayan. Madalas nitong binubuong-biswal ang nakaraan sa isang mala-dramatikong paraan na kadalasang nagtatampok ng mga makasaysayang indibidwal, lugar, at kaganapan. Ang kasaysayan bilang dokumento, sa kabilang banda, ay tumutukoy sa mga dokumentaryong pelikula. Ang karaniwang pormula ng kategoryang ito ay ang pagtatanghal ng biswal na kasaysayan sa pamamagitan ng mga larawan, newsreel, panayam ng mga historyador o saksi, mga peryodiko at mga liktao na patuloy na ginagabayan ng boses ng isang tagapagsalaysay. Ang kasaysayan bilang eksperimento, bilang panghuli, ay mga uri ng mga pelikulang itinuturing na avant-garde o alternatibo. Tinatawag din bilang oposisyon o makabagong pelikulang historikal, ang mga pelikulang ito ay maaaring ilarawan bilang mga biswal na representasyon ng nakaraan na hindi sumusunod sa tradisyunal na kumbensyon at pamantayang pampelikula. Samakatuwid, eksperimental na tangkaing pangkasaysayan na tumatagos sa karaniwang daloy-naratibo na iniaalay ng mga tipikal na pelikulang historikal.

[12] Quintos, "Ang Diskurso ng Pelikula," 58.
[13] Nicanor Tiongson, "Film and History," *DLSU Dialogue* 16, no. 2 (1981): 1-2.
[14] Tiongson, "Film and History," 2.
[15] Neil Martial Santillan, "Ang Himagsikang Pilipino sa Pinilakang Tabing (1912-1970): Isang Panimulang Pag-aaral," sa *Wika, Panitikan, Sining, at Himagsikan*, mga pat. Atoy Navarro & Raymund Arthur Abejo (Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan, 1998), 155.
[16] Robert Rosenstone, "The Historical Film as Real History," *Film-Historia* 5, no. 1 (1995): 6-7; Robert Rosenstone, *History on Film/Film on History* (London: Longman/Pearson, 2006), 15-19.

© 2022 John Adrianfer Atienza

Ayon naman kay Pierre Sorlin, ang mga pelikulang historikal ay tila isang pag-aaral o disertasyon ng nakaraang nagbibigay ng mas mababaw na pagtalakay sa kasaysayan.[17] Higit dito, itinuturing niya ang pelikulang historikal bilang kumbinasyon ng katotohanan at piksyon. Ibig sabihin, nagtatangi ang mga pelikula ng mga bahagi na nakabatay sa batis ng kasaysayan at mga bahaging kathang-isip o hindi totoo. Ang aspekto ng paglalagay ng piksyon ang madalas na nagiging dahilan kung bakit hindi lubos na pinagkakatiwalaan ang mga pelikulang historikal. Ang paglalagay ng mga imbentong karakter, lugar, pangyayari, at eksena ay ang itinuturing bilang mga dahilan kung bakit naglalaman ang mga pelikula ng hindi wasto at kawalan ng talas-kasaysayan. Nananatili ito bilang midyum na pang-aliw sa publiko at minsan ay itinuturing pang behikulo sa pagbebenta ng nakaraan dahilan sa ginagamit ito upang kumita ang mga prodyuser ng pelikula. Ito ay ang pangunahing dahilan kung bakit hindi karapatdapat na ipasok sa disiplina ng kasaysayan, na siyang isang seryosong larangan, ang mga pelikulang historikal.[18]

Subalit, mahalagang malaman na ang aspektong piksyunal at imbensyon sa mga pelikulang historikal ay ang itinuturing bilang kalakasan ng mga ito. Saad ni Robert Toplin, hindi maiiwasan ang mga pampelikulang rekonstruksyon o paglalagay ng piksyon sa mga pelikulang historikal.[19] Marapat na maintindihan na kalikasan ito ng mga pelikula. Walang pelikulang historikal ang magpapakita ng nakaraan nang walang paggamit ng mga imbentong karakter o pangyayari at magtatangkang magpakita ng kasaysayan sa pinakamatalas na paraan. Sa katunayan, imbes na maging aspekto ng kahinaan, naipapaliwanag na kapangyarihang ito ng mga pelikula na maglahad ng kasaysayan sa kakaibang kaparaanan. Dagdag pa ni Rosenstone, ang mga pelikulang historikal ay nagsasalita sa pamamagitan ng metaporikal at simbolikong paraan na siyang nagsisilbing lundo sa pag-aaral, pagkukuwestiyon, at pagtatanong ukol sa kasaysayan sa isang makabagong moda at istilo. Ika nga ni Toplin, ang anomang pabrikasyon o distorsyon na inilalagay sa mga pelikula ay ligtas na pinapahintulutan basta nakakatulong at nakakaambag ito sa layunin ng midyum na maging aparato na nakakaengganyo at nakakapagturo ng kasaysayan sa mga manonood.[20]

[17] Pierre Sorlin, "The Film in History," sa *The History Film Reader*, pat. Marie Hughes-Warrington (Oxford: Routledge, 2009), 16.

[18] Ian Jarvie, "Seeing Through Movies," *Philosophy of the Social Sciences* 8 (1978): 377-378.

[19] Robert Toplin, *History by Hollywood: The Use and Abuse of the American Past* (Illinois: University of Illinois Press, 1996), 16.

[20] Toplin, *History by Hollywood*, 10.

© 2022 John Adrianfer Atienza

## Maikling kasaysayan ng mga pelikulang historikal sa sineng filipino[21]

### Unang Yugto, 1900s hanggang maagang 1940s

Madalas na nakakaligtaang ang mga pinakaunang pelikulang nalikha sa Pilipinas ay pelikulang nagtatangi ng temang historikal. Noong 1912, nag-unahang magpalabas ang mga Amerikanong direktor na si Edward Gross at Albert Yearsley ng pinakaunang feature-length na pelikula sa Pilipinas. Kapwa tungkol kay Jose Rizal, inilabas ni Gross ang *Life and Death of Dr. Jose Rizal* (1912) habang *La Vida y Muerte del Gran Martir Filipino, Dr. Jose Rizal* (1912) naman ang kay Yearsley.[22] Batay sa isang dula noong 1905, ang pelikula ni Gross ay binubuo ng dalawampu't dalawang eksena na naglalahad ng buhay ni Rizal mula sa kaniyang mga paglalakbay sa Europa, ang pagpapatapon sa Dapitan hanggang sa pagkakakulong sa Fort Santiago at kalaunan sa kaniyang kamatayan sa Bagumbayan.[23] Tagumpay ang dalawang pelikula. Nakakamit ang mga ito ng malaking kita na nagamit para sa mga sumunod na mga pelikula ng dalawang direktor. Partikular sa puntong ito ang pagkakaprodyus ni Gross ng ilan pang pelikulang historikal na mayroong kaugnayan kay Rizal tulad ng *Noli me Tangere* (1915) at *El Filibusterismo* (1916).

Mahalagang ugatin ang dahilan ng tagumpay sa takilya ng mga pelikula, gayundin ang magkakatulad ng lapit na nakaispesipiko sa buhay at gawa ni Rizal. Ito ay siyang mababanaag sa konteksto ng pampelikulang panahon ng mga direktor. Sa kanilang hakbang ng kolonisasyon, ginamit ng Estados Unidos ang katauhan ni Rizal upang mas lalong mapasailalim ang Pilipinas. Isang mahalagang elemento si Rizal sa paglikha ng pamahalaang Amerikano ng isang mapayapa at matiwasay na istilo ng pananakop.[24] Mula rito, inilalantad nito ang ugat sa pagpapalabas ng dalawang pelikulang Rizal sa maagang dekada ng Sineng Filipino. Ito ay lalong pinalinaw ni Neil Santillan. Ayon sa kanya,

> Ang pagtalakay kay Rizal bilang sentral na karakter sa mga unang nagawang pelikula sa bansa ay konektado sa pagkilala sa kanya ng kolonyal na pamahalaang Amerikano bilang pangunahin bayani ng bansa. Nakita ng mga Amerikano na ang pagkilala kay Rizal ay isang mekanismo ng pasipikasyon. Dahil sa nasabing pasipikasyon, naipapaliwanag nito ang kawalan ng mga pelikula hinggil sa Rebolusyong Pilipino sa unang tatlong dekada ng kasalukuyang dantaon.[25]

Maliban pa sa dalawang pelikulang Rizal, matutunghayan din ang isa pang kolonyal na hakbang ng mga Amerikano kaugnay ng ilang pelikulang historikal

---

[21] Ginagamit bilang batayan ng balangkas ng kasaysayan ay ang ginagamit na piryodisasyon sa mga akda ukol sa Sineng Filipino. Tingnan ang Clodualdo del Mundo Jr., "Philippine Cinema: An Historical Overview," *Asian Cinema* 10, no. 2 (1999): 29-66; Nick Deocampo, *Cine: Spanish Influences on Early Cinema in the Philippines* (Mandaluyong: Anvil Publishing Inc., 2007); Bienvenido Lumbera, *Re-viewing Philippine Cinema* (Mandaluyong: Anvil Publishing, Inc., 2011); Gaspar Vibal & Dennis Villegas, *Philippine Cinema, 1897-2020* (Quezon City: Vibal, 2020). Subalit, binigyan ito ng modipikasyon ng may-akda para sa katugmaan ng kasalukuyang pag-aaral.

[22] Ayon kay Nick Deocampo, halos magkatulad ang titulo ng dalawang pelikula na nagiging sanhi ng pagkalito ng ilang iskolar. Tingnan ang Deocampo, *Film*, 270-271. Sa ibang akda, *El Fusilamiento de Jose Rizal* (1912) ang pangalan ng pelikula ni Yearsley habang *La vida de Jose Rizal* (1912) naman ang pelikula ni Gross. Tingnan del Mundo Jr., "Philippine Cinema," 29; Cultural Center of the Philippines, *CCP Encyclopedia of Philippine Art*, 29.

[23] Vibal & Villegas, *Philippine Cinema*, 9.

[24] Tingnan ang Joyce Arriola, "The Impact of United States Colonization on the Rizalian Tradition in Cinema and Literature: A View of the Popular Arts as Postcolonial Historiography," *Plaridel* 3, no. 2 (2006): 49-74.

[25] Santillan, "Ang Himagsikang Pilipino sa Pinilakang Tabing," 163.

© 2022 John Adrianfer Atienza

ISSN 2651-7108

na dumaan sa sensura. Dagdag sa kaniyang mga pelikula, lumikha rin si Gross ng dalawa pang pelikulang historikal noong 1912, ang *Tres Martires* (1912) at *La Conquista de Filipinas* (1912). Nakapatungkol ang unang pelikula sa tatlong paring martir na sina Jose Burgos, Mariano Gomes, at Jacinto Zamora at ang kanilang masalimuot na katapusan. Habang ang ikalawa naman ay naglantad ng pre-kolonyal na kasaysayan ng Pilipinas hanggang sa pagdating ng mga Espanyol sa bansa, kabilang na ang isang eksena ng *pacto de sangre* sa pagitan ni Rajah Matanda at Miguel Lopez de Legaspi.[26] Malinaw ang temang historikal sa dalawang pelikula. Ito, kasama ang nilalamang naratibo, ang naging pangunahing dahilan ng pagpataw ng kolonyal na pamahalaan ng sensura sa mga pelikula. Ang pagkakaroon ng madugong labanan, pagpapatiwakal, paninirang-puri sa komunidad ng mga Espanyol sa Pilipinas, at ang muling pag-udyok sa nakabaong poot sa pagitan ng mga katutubo at dayuhang Espanyol ang nakitang batayan sa pagbabawal sa pagpapalabas ng mga pelikula.[27]

Subalit, kung titingnan, sang-ayon din kay Nick Deocampo, bahagi ang pagpataw ng sensura sa mga pelikula sa kabuuang proyekto ng pasipikasyon ng kolonyal na pamahalaang Amerikano. Hindi malabo ang maaaring idulot na panganib ng pagpapalabas ng mga pelikula. Anu't ano man, hindi malayo na magiging impluwensyal ang mga pelikula sa muling pagtatanim ng mga binhi at kalaunan pagbubuo ng kolektibong pagtutol laban sa pamahalaang Amerikano. Partikular na halimbawa ay ang *Tres Martires* (1912). Yamang tungkol sa pagpaslang sa tatlong pari, kasama sa pelikula ang eksena ng aktuwal na pagbitay sa mga ito. Matatandaan na ikutang-pangyayari ang pagkamatay ng tatlong pari sa pagsiklab ng alab ng rebolusyong 1896. Ang makita na pagbitay sa iskrin ng pelikula ay tila katulad na rin ng aktuwal na pagtanaw sa madugong kaganapang historikal. Kung kaya, naipapaliwanag ang dahilan kung bakit isa sa pinakapinuntirya ng pamahalaan ay ang pagsensura at pagtatanggal sa nabanggit na eksena.[28]

Nakitaan ng silakbo ng kapwa nasyunalista at progresibong intepretasyong pampelikula sa kasaysayan ang naganap sa dekada 1930s. Kasabay din nito ang pag-usbong ng isang maka-Pilipinong kamalayan sa paglikha ng mga pelikula pagkaraan ng pagkakalikha ng *Dalagang Bukid* (1919) ni Jose Nepomuceno, lumitaw ang mga pelikulang naghahain ng temang nasyunalismo o ang maliliit na umpisa ng sineng lokal.[29] Isa sa mga tagapanguna ng lokal na pagpepelikula, kung hindi man ulo ng silakbo, si Julian Manansala na nakapagprodyus ng pelikulang historikal na nagbigay-pokus sa temang makabayan. *Patria Amore* (1929) ay ang pamagat ng kaniyang unang pelikula, na sinundan pa ng *Dimasalang* (1930), *Ang Kilabot ng mga Tulisan* (1932), at *Mutya ng Katipunan* (1939). Mahalagang mabanggit din na naprodyus din sa katulad na dekada ang pinakaunang pelikula ukol kay Andres Bonifacio na *Andres Bonifacio* (1934) ni George Musser.[30] Mailalarawan ang mga pelikula ni Manansala bilang radikal

[26] Ukol sa pelikulang *La Conquista de Filipinas* (1912), naghain si Deocampo ng isang interesanteng postulasyon ukol sa maaaring prodyuser ng pelikula at isinaad na isa itong produksyon Filipino. Deocampo, *Cine*, 239-241.

[27] Doecampo, *Film*, 554-558.

[28] Deocampo, *Film*, 555.

[29] Tingnan ang Nadi Tofighian, "José Nepomuceno and the Creation of a Filipino National Consciousness," *Film History* 20, no. 1 (2008): 77-94; Clodualdo del Mundo, Jr., "Native Resistance: Philippine Cinema and Colonialism, 1898-1941" (PhD diss., The University of Iowa, 1994).

[30] Isidra Reyes, "He has done movies with FPJ, Dolphy & two National Artists, but you don't know his name," huling binago noong Oktubre 29, 2019, https://news.abs-cbn.com/ancx/culture/movies/10/29/19/he-made-movies-with-dolphy-fpj-two-national-artists-but-you-dont-know-his-name.

© 2022 John Adrianfer Atienza

sa kaniyang panahon, partikular sa pagkaraktera kay Rizal bilang kaugnay ng rebolusyon sa *Dimasalang* (1930).[31] Bilang pagdidiin, litaw din noon ang pag-usbong ng samo't saring pangkat-colurum na tulad ng mga pelikulang tulisanes ni Manansala ay lumalaban din sa kolonyal na kontrol ng pamahalaang Amerikano.[32] Ang mga pelikulang Manansala ay siyang maituturing bilang naghawing-landas at nagpasimula ng mahabang listahan ng pelikulang historikal na nagtatangi ng mga temang tulisanes at nasyunalista.

Ayon kay Joyce Arriola, ang mga pelikulang historikal ay naglaan ng espasyo para sa paglalantad ng kamalayang pambansa. Ang mga pelikula noong 1920s-1940s, o yaong tinatawag bilang panahon ng maagang sineng lokal, ay itinuturing ni Arriola bilang postkolonyal na sine sa kadahilanang ang mga pelikulang naprodyus sa panahong ito ay bahagi ng tinatawag niyang pormasyong diskursibo. Sa ideya na ito, ang mga sine ng mga bansang nasakop ay nagsimulang bumuo ng sariling pambansang kamalayan sa kanilang mga pelikula.[33] Bahagi rito ang Pilipinas kung saan, maliban sa nag-uumpugang impluwensya ng Hispanismo at Anglo-sajonismo, ay nakitaan din ang inkorporasyon ng Filipinismo sa pag-unlad at kalaunan pagyabong ng sineng lokal.[34] Kung kaya, maituturing bilang lunan ng konstruksyon ng pagkakakilanlang pampelikula ang maagang panahong ng sine kung saan litaw ang ugpungan ng relasyong kolonyal at kapangyarihan sa pagitan ng sinakop at mananakop. Mula rito, bagamat nasa ilalim pa rin ng kontrol ng kolonyal na pamahalaang Amerikano, ang lokal na sinema ay nakapagprodyus na ng mga pelikulang may malay sa katutubong pagkakakilanlan, makabayan ang tema, at mga pelikulang tila lumalabang ideyolohikal sa kolonyal na pamahalaan na makikita rin sa mga pelikulang historikal tulad ng *Teniente Rosario* (1937) ni Octavio Silos, *Sakay* (1940) ni Lamberto Avellana, at *Biak na Bato* (1939) nina Jose Nepomuceno at Fausto J. Galauran.

**Ikalawang Yugto, Gitnang 1940s hanggang 1960s**

Malaki ang naidulot na pinsala ng Ikalawang Digmaang Pandaidig sa Pilipinas. Isa sa mga naapektuhan ng madugong paglalaban ay ang sineng lokal. Bahagya mang natigil ang lokal na produksyon, nanatili pa ring nakatindig ang sineng lokal sa harap ng mga labanan at sa bagong mukha ng dayuhang mananakop. Matapos matalo ang mga Amerikano, pansamantalang napasakamay ng mga Hapones ang bansa, kabilang na ang sineng lokal.[35] Sa pagkakaroon ng kontrol, naging krusyal na aspekto sa pananakop ang pelikula kung saan ito ay ginamit upang magpakalat ng propaganda, partikular sa mga pelikulang *Dawn of Freedom* (1944) at *Tatlong Maria* (1944).[36] Mahalagang isaad na nagkaroon ng partisipasyon ang mga Pilipino sa paglikha ng mga pelikulang ito partikular na ang batikang direktor na si Gerardo de Leon. Bilang reaksyon sa hakbang na ito ng mga Hapones, naglunsad din ang Estados Unidos ng kanilang sariling kilos-propaganda sa pamamagitan din ng pelikula. Tinatawag

[31] Santillan, "Ang Himagsikang Pilipino sa Pinilakang Tabing," 172.

[32] Tingnan ang Milagros Guerrero, "The Colorum Uprising 1924-1931," *Asian Studies* 43, no. 1 (2007): 75-88.

[33] Joyce Arriola, "The Role of Language and Literary Adaptations in Shaping Early Tagalog Cinema: A Study in Popular-Linguistic Nationalism," *Philippine Journal for Language Teaching* 51 (2011): 108.

[34] Deocampo, *Film*, 7-8.

[35] Tingnan ang Nick Deocampo, *Eiga: Cinema in the Philippines During World War II* (Mandaluyong: Anvil Publishing Inc., 2016).

[36] Tingnan ang Rolando Tolentino, "Japanese Cinema's Representation of the Philippines," sa *Keywords: Essays on Philippine Media Cultures and Neocolonialisms*, pat. Rolando Tolentino (Quezon City: Ateneo de Manila Press, 2016), 107-150.

© 2022 John Adrianfer Atienza

ISSN 2651-7108

bilang "transimperial film war," hindi lamang pisikal at ideyolohikal ang digmaan, bagkus nagkaroon din ng digmaang pampelikula sa pagitan ng Estados Unidos at Japan.[37]

Katulad sa layunin ng mga Hapones na i-angat ang kanilang mga sariling imahe, inilabas ng mga Amerikano ang mahabang listahan ng mga pelikulang digmaan na nakatuon sa tri-karakterisasyon ng Hapones bilang kaaway, Amerikano bilang tagapagligtas, at Pilipino bilang biktimang kailangang iligtas.[38] Ilan sa mga pelikulang nagtatangi ng ganitong lapit ay ang *Bataan* (1943) ni Tay Garnett, *Corregidor* (1943) ni William Nigh, at *Back to Bataan* (1945) ni Edward Dmytryk. Nakapokus ang mga pelikula sa pagpapakalat ng kanilang naratibo ng Estados Unidos bilang "benevolent liberator" at pagbuo ng kanilang kontrol at pananaig pangmundo.[39]

Nang matapos ang digmaan, sumulpot ang mahabang silakbo ng filmograpiyang nakapatungkol sa naganap na digmaan sa bansa. Malaking bahagi ng mga pelikula ay naglahad ng personal at kolektibong danas ng mga Pilipinong apektado ng labanan na nakapokus sa pagsasabiswal ng mga kuwento ng pangungulila, kasawian, at kamatayan. Kabilang dito ang mga pelikulang historikal na naprodyus noong post-digmaan na nagpakita ng mga naratibo ukol sa karanasahan noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, tulad ng *Dugo ng Bayan (I Remember Bataan)* (1946) at *Intramuros: The Rape of a City* (1946) ni Fernando Poe Sr., *Fort Santiago* (1946) ni Luis Nolasco, *Death March* (1946) ni Lamberto Avellana, *Batalyon Trece* (1949) ni Eddie Romero at *Capas* (1949) ni Gregorio Fernandez. Nagpatuloy ang pagsasapelikula ng mga kaganapan noong digmaan hanggang sa dekada ng 2000s.

Matingkad din sa post-digmaan na panahon ang paglago ng mga pelikulang likha bunga ng kolaborasyon ng Pilipino at Amerikano kung saan kabilang ang ilang pelikulang historikal. Taong 1950 na ipinalabas ang pelikulang *American Guerrilla in the Philippines* (1950) sa direksyon ng kilalang Europeong direktor si Fritz Lang. Inilalahad ng pelikula ang kuwento ng isang Amerikanong na-istranded sa Pilipinas noong okupasyong Hapones. Maituturing man bilang pinakamahinang pelikula sa filmograpiya ni Lang, nakatanggap ang pelikula ng magandang pagtanggap sa lokalidad.[40] Subalit, higit itong naging kapaki-pakinabang sa ideya na ipinakilala nito ang Pilipinas bilang isang mainam na lokasyong pampelikula sa mga kompanya ng pelikula sa Estados Unidos. Ang likas na kapinuhan at kaangkupan ng bansa, dagdag pa ang mumurahing halaga ng lokasyon, ay ang pangunahing naging dahilan upang gamitin ng mga Amerikanong direktor ang bansa bilang backlot ng kanilang mga "B-movies" o yaong mga low-budget na mga pelikula.[41] Magmula noon, dagsa ang mga pelikula ng ginamit ang Pilipinas bilang pook-pagpepelikula na kung minsan ay likha pa ng mga batikang direktor ng bansa partikular sina Eddie Romero, Gerardo de Leon, at Cirio Santiago.[42] Maliban sa mga pelikulang katatakutan at

[37] Vibal & Villegas, *Philippine Cinema*, 70.

[38] Tingnan ang Jean Vengua Gier, "The Filipino Presence in Hollywood's *Bataan* Films," sa *Geopolitics of the Visible*, 35-57; Sharon Delmendo, "Pax Americana and the Pacific Theater," sa *Geopolitics of the Visible*, 162-193.

[39] Tingnan ang John Adrianfer Atienza, "Reel Images of War: Reading Pathé Newsreels on the Liberation of Manila During Wartime Philippines," *Humanities Diliman* 18, no. 1 (2021): 1-32.

[40] Vibal & Villegas, *Philippine Cinema*, 82.

[41] Tingnan ang Andrew Leavold, "Bamboo Gods and Bionic Boys: A Brief History of the Philippines' B Films," *Plaridel* 11, no. 1 (2014): 128-172.

[42] Michael Hawkins, "Co-Producing the Postcolonial: U.S.-Philippine Cinematic Relations, 1946-1986" (PhD diss., University of California, 2008).

© 2022 John Adrianfer Atienza

bilangguan, naprodyus din ang mga pelikulang digmaan na nakatakda sa mga historikal na tagpo partikular noong unang taon ng okupasyong Amerikano sa *The Day of the Trumpet* (1958) ni Gerardo de Leon at Eddie Romero at okupasyong Hapons sa mga pelikulang *The Raiders of Leyte Gulf* (1962) at *Manila, Open City* (1968) ni Eddie Romero at *The Walls of Hell* (1964) ni Gerardo de Leon at Eddie Romero. Subalit, yamang nagsisilbi bilang pelikula para sa Amerikanong manonood, itinuring ang mga ito bilang mga pelikulang exploitation at bahagi ng "white cinematic gaze" at "self-orientalization" kung saan tumatayo ang Pilipinas bilang pinagsasamantalahang pook para sa pagkahumaling at pagkonsumo ng mga dayuhan.[43]

Kaugnay ng nabanggit, mahalagang banggitin din ang mga pelikulang historikal na likha ng mga dating mananakop na España at Japan na mayroong kaugnayan sa Pilipinas. Taong 1945 nang ipalabas sa España ang pelikulang *Los últimos de Filipinas* (1945) sa direksyon ni Antonio Román. Nakapatungkol ang pelikula sa mga huling araw ng kolonisasyong Espanyol sa Pilipinas partikular ang makasaysayang tagpo at engkuwentro sa pagitan ng mga Kastilla at Pilipino sa Baler. Itinuturing ni Rolando Tolentino ang pelikula bilang sangkap o aparato ng pamahalaang Francisco Franco sa pagtataguyod ng pambansang reunipikasyon ng España pagkaraan ang kaliwa't kanang pagkabigo.[44] Sa ngalan ng kolonyal na nostalgia, ginamit ng pelikula ang tagpo sa Baler upang ipakita ang kabayanihan ng kanilang mga sundalo at bilang tuntungan ng nasyunalistang ideyolohiya ng Espanya. Matapos ang ilang dekada, muling naisapelikula ang tagpo sa mga pelikulang *Baler* (2008) ni Mark Meily at *1898, Our Last Men in the Philippines* (2016) ni Salvador Calvo. Ang huli ay isa muling pelikulang Espanyol. Maliban pa rito, matutunghayan din ang pelikulang Hapones na *Fires on the Plain* (1959) ni Kon Ichikawa. Sinusundan ng pelikula ang pakikihamok ng isang sundalo Hapong naiwan sa kagubatan ng Pilipinas noong huling bahagi ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Malaki ang gampanin ng pelikula sa muling pagtatayo ng Japan bilang bansa sa panahong post-digmaan partikular sa pagbuo nito ng imahe bilang biktima rin ng digmaan.[45] Nagkaroon din ng bagong pelikula na may katulad na kuwento sa *Onoda: 10,000 Nights in the Jungle* (2021).

Marahil, mainam na ring idagdag sa mga pelikulang nabanggit ang *Genghis Khan* (1950) ni Manuel Conde. Nakabatay ang pelikula sa kuwentong buhay ng emperador ng Mongolia na si Genghis Khan. Kakaiba ang pelikula yamang ipinakita nito ang isang pelikulang ukol sa kasaysayan ng dayuhan na likha ng isang Pilipino. Itinuturing bilang klasiko ang pelikula kung saan naimbitahan ito sa Venice Film Festival noong 1952 at sinasabi pang batayan ng mga sumunod na pelikula ukol kay Genghis Khan.[46]

Maliban sa mga nabanggit, maisasaad na nagpapatuloy ang paglalagay ng temang makabayan sa mga pelikulang historikal sa post-digmaan na yugto. Para kay Joyce Arriola, naging malakas ang lokal na sinema sa paglalantad ng

---

[43] Leong Yew, "Sympathetic Collaboration and the Made-for-US Philippine Films of the 1950s to 1970s," *Screen* 59, no. 2 (2018): 176.

[44] Tingnan ang Rolando Tolentino, "Nations, Nationalisms and Los últimos de Filipinas: An Imperialist Desire for Colonialist Nostalgia," *Kasarinlan* 14, no. 2 (1998): 107-126.

[45] Tingnan ang Erik Lofgren, "Ideological transformation: Reading Cannibalism in Fires on the Plain," *Japan Forum* 16, no. 3 (2004): 401-421.

[46] Nicanor Tiongson, *The Cinema of Manuel Conde* (Manila: UST Publishing House, 2005); Don Jaucian, "Master and Commander: How Manuel Conde made 'Genghis Khan'," huling binago noong Oktubre 19, 2020, https://www.cnnphilippines.com/life/entertainment/Film/2020/10/19/manuel-conde-genghis-khan.html.

© 2022 John Adrianfer Atienza

ISSN 2651-7108

makabayang sensibilidad sa panahong nabanggit partikular sa pagtulong ng sining sa pagbuo ng pambansang identitad.[47] Kung kaya, makikita ang pagprodyus ng lokal na sinema ng malaong bilang ng mga pelikulang historikal. Mapapansin din na malaking bahagi ng mga pelikula ay nakatuon sa kasaysayang buhay ng mga kilalang aktor pangkasaysayan. Ilan sa mga pelikulang historikal ay *Tandang Sora* (1947) at *Lapu-Lapu* (1955) ni Lamberto Avellana, *Heneral Gregorio del Pilar* (1949) at *Dagohoy* (1953) ni Gregorio Fernandez, *Diego Silang* (1951) ni Gerardo de Leon, *Alyas Sakay* (1961) ni Ding de Jesus, at *Andres Bonifacio: Ang Supremo* (1964) ni Teodorico Santos. Nagpatuloy din ang produksyon ng mga pelikulang Rizal tulad ng *Buhay at Pag-ibig ni Dr. Jose Rizal* (1956) ni Ramon Estella, *Noli Me Tangere* (1959) ni Quin Velasco, at *Sisa* (1951) ni Gerardo de Leon at ang rendisyon niya ng mga nobela ng bayani sa *Noli Me Tangere* (1961) at *El Filibusterismo* (1962).

### Ikatlong Yugto, 1970s hanggang 1990s

Bugso ng makabayan at patuloy na pag-unlad ng kilusang Filipinisasyon sa harap ng papausbong na awtokratikong at bruskong istilo ng pamahalaan, mga pawang katangiang mababanaag sa dekada ng 1970s.[48] Sa pisngi ng mga ito, umusbong ang bagong uri ng lapit sa sineng lokal na makikita sa paghahanap ng maka-Filipinong pananaw sa pag-aaral ng mga pelikula, sa isang banda, at pagkakaroon ng mas artistiko at sopistikadong pamamaraan pampelikula sa harap ng diktadurya, na siyang nagpatuloy hanggang sa dekada ng 1980s. Mula rito, mapapansin ang mga pelikulang historikal na nagtatangi ng mga temang makabayan at mataas na uri ng pagpepelikula. Marahil, ang pelikulang *Ganito kami noon… Paano kayo ngayon?* (1976) ni Eddie Romero ang obra na kumakatawan sa dalawang puntong nabanggit. Maituturing bilang isang klasiko sa larangan ng sineng lokal, matindi ang ibinigay na punto ng pelikula sa paghahanap sa kahulugan ng pagiging Filipino, na siyang aspektong sinematikong sumisiyasat sa dalumat ng pagkakakilanlan. Mababanaag din dito ang tila bagong istilo ng pagpepelikula sa nakaraan. Ayon kay Patrick Flores, nakita ang mga pelikula sa panahong ito, kasama ang *Ganito kami noon… Paano kayo ngayon?* (1976), na nagbigay atensyon sa mga perspektiba ng mga taong nasa labas o hindi bahagi ng panloob na kaganapang historikal.[49] Sa ganang ito, ang mga kaganapang pangkasaysayan tulad ng rebolusyon ay sinuring biswal sa mata ng karaniwang tao tulad ng mapapanood sa mga pelikulang *Aguila* (1980) ni Eddie Romero at *Virgin Forest* (1985) ni Peque Gallaga.

Kaugnay nito, makikita rin ang pagbabago sa lapit pangkasaysayan na kung ikukumpara ay kaiba sa mga naunang depiksyon. Mainam na halimbawa sa puntong binabanggit ay yaong paraan ng pagpepelikula sa mga okupasyong Hapones. Sang-ayon kay Deocampo, makikitaan ang mga pelikula historikal ukol sa Hapones ng pagbabagong sa anyo, nilalaman, at perspektiba magmula sa sariwang depiksyon ng brutal na karanasan hanggang sa presentasyon ng Hapones bilang biktima rin ng digmaan sa *Tatlong Taon Walang Diyos* (1976) ni Mario O'Hara, gayundin ang kasalimuotan ng elitismo at korupsyong pangpamilya at personal sa panahon ng digmaan sa pelikulang *Oro, Plata, Mata* (1982) ni Peque Gallaga.[50] Mahalaga rin idagdag ang pelikulang *Karnal* (1983)

[47] Joyce Arriola, "Cultural History Through the Lens: Tracing the Nationalist Literary Tradition in Postwar Cinema," *The Journal of History* 50, no. 1-4 (January-December 2004): 271.
[48] Rolando Tolentino, "Hinahanap, Kaya Nawawala," *Plaridel* 13, no. 1 (2016): 182.
[49] Patrick Flores, "Ang Pinilakang Himagsikan," sa *Wika, Panitikan, Sining, at Himagsikan*, 190.
[50] Deocampo, *Eiga*, 396-411.

ni Marilou Diaz-Abaya na gumamit ng isang historikal na tagpo upang ilantad ang kawalang pagbabago sa paraan ng pagtrato sa kababaihan magmula noon hanggang sa kasalukuyang milyu ng pelikula.

Sa pagdating ng dekada 1990, nakitaan ng lalong pagtaas sa bilang ng mga pelikulang historikal. Ang dekada ay pagdiriwang ng ikasandaang taong anibersaryo ng Rebolusyong 1896 at Araw ng Kalayaan mula sa Espanya. Naganap din sa panahon ang pagdiriwang ng mga ikasandaang taon ng kamatayan ng mga bayani tulad ni Jose Rizal at Andres Bonifacio. Kung kaya, tulad ng binabanggit ni Arriola, nagkaroon ng paghahanap ng mga paksang pangkasaysayang maaaring gawing tuon ng mga pelikula.[51] Mula rito, isinilang ang mga pelikulang naglalaman ng iba't ibang paksang historikal tulad ng comfort women sa *Ianfu* (1992) ni Antonio Vidal Aguilar, batas militar sa *Eskapo* (1995) ni Chito Roño, at rebolusyon sa *Damong Ligaw* (1997) ni Jose Mari Avellana. Mahaba rin ang listahan ng mga pelikulang nakapokus sa buhay ng mga kilalang historikal na aktor. Kabilang sa mga pelikulang naglahad ng kasaysayang buhay ay ang *Bayani* (1992) at *Sakay* (1993) ni Raymond Red na kapwa nakaukol kay Andres Bonifacio at Macario Sakay, *Tirad Pass: The Story of Gen. Gregorio del Pilar* (1996) ni Carlo Caparas, *Emilio Aguinaldo* (1998) ni Joey Romero at Jose Mari Avellana, at ang tatlong pelikulang Rizal na nagsara ng dekada, *Rizal sa Dapitan* (1997) ni Tikoy Aguiluz, *Jose Rizal* (1998) ni Marilou Diaz-Abaya, at *Bayaning 3rd World* (1999) ni Mike de Leon.

**Ikaapat na Yugto, 2000s hanggang 2010s**

Sa pagbubukas ng ika-21 na dantaon, nagpatuloy ang produksyon ng mga pelikulang historikal na tila maituturing bilang pampelikulang retaso ng nagdaang pagdiriwang ng sentenaryo. Lumihis ang mga pelikula sa pagdepikta ng mga buhay ng mga kilalang makasaysayang tao. Maliban sa *Lapu-Lapu* (2000) ni William Mayo, mapapansin ang samo't saring pagsasabiswal ng mga kaganapang pangkasasyayan sa mga pelikula historikal ng dekada 2000. Matutunghayan ang kasaysayan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig at okupasyong Hapones sa mga pelikulang *Markova: Comfort Gay* (2000) at *Gatas sa Dibdib ng Kaaway* (2001) ni Gil Portes, *Panaghoy sa Suba* (2004) ni Cesar Montano, *The Great Raid* (2005) ni John Dahl, *Liberacion* (2010) ni Adolfo Alix Jr., at *Aishite Imasu (Mahal Kita) 1941* (2004) ni Joel Lamangan. Ang una at huling pelikula ay kapwa naglalahad ng naratibo ng karanasan ng mga bakla noong panahon ng pananakop. Sa kabilang banda, nagsimula na rin magsilitaw ang mga pelikulang nakapokus sa batas militar noong diktaduryang Marcos. Ilan sa mga pelikula ay *Dekada '70* (2002) ni Chito Roño, *Batas Militar* (2004) ni Jess Lapid Jr., *Ebolusyon ng Pamilyang Pilipino* (2004) ni Lav Diaz, *Dukot* (2009) at *Sigwa* (2010) ni Joel Lamangan, *Ka Oryang* (2011) ni Sari Raissa Lluch Dalena, at *Barber's Tales* (2013) ni Jun Lana. Maliban sa mga nabanggit na kaganapang pangkasaysayan, makikita rin ang pagsasapelikula ng ilang tagpo noong maagang panahon ng pananakop ng mga Amerikano sa mga pelikulang *Baler* (2008) ni Mark Meily at *Amigo* (2010) ni John Sayles.

Subalit, isa marahil sa mapapansing tema sa dekada 2000s hanggang 2010s ay ang pagbabago sa lapit ng pagpepelikula ng nakaraan. Sa pagpasok ng bagong dantaon, sumalubong ang malaking pagbabagong sa sineng lokal na nakatuon sa transisyon ng pagpepelikula patungong digital. Ang paglipat sa paggamit ng digital ay resulta ng pagiging portable at mura ng teknolohiya na

[51] Joyce Arriola, "Cinema as Historiographic Metafiction: The Postmodern Rizalian Texts," *CIS Journal* 2, no. 1 (March 2003): 47.

© 2022 John Adrianfer Atienza

angkop sa kontemporaryong istilong pampelikula ng panahon at tila liberasyon sa kasalimuotan ng pamamaraang analog.[52] Ang pagbabagong ito ay nakadulot ng malaking epekto sa kung paano ang pamamaraang pampelikula sa bansa, partikular na sa mga istilo at tema ng mga papausbong na mga pelikulang historikal. Marahil bahagi ng kilusang pampelikulang ito ang mga pelikula ni Raya Martin, partikular ang kaniyang trilohiyang pangkasaysayan na *Maicling Pelicula nang Ysang Indio Nacional* (2005), *Autohystoria* (2007), at *Independencia* (2009), kasama na ang mga pelikulang short na *Ars Colonia* (2011) at *Buenas Noches, España* (2011). Mga pelikulang experimental kung susuriin, bahagi ito ng pangkalahatang trabaho ng direktor sa pagbubuo ng "anarchive" o arkibo ng mga nawawalang imahe ng Sineng Filipino.[53] Maliban sa paglalantad ng suliraning pang-arkibo sa Pilipinas, ang paggamit ni Martin ng mga pabrikasyon ng mga lumang pelikula at paghahalo nito sa mga tunay o aktuwal na midya ay isang makabagong paraan ng interogasyon sa nakaraan. Marahil, mainam na ring bigyang liwanag ang mga pelikulang nagtatangi ng temang historikal ni Lav Diaz. Bahagi ng adbokasiya ng direktor na slow cinema, ang mga pelikulang *Ebolusyon ng Pamilyang Pilipino* (2004), *Mula sa Kung Ano ang Noon* (2014), at *Hele sa Hiwagang Hapis* (2016) ay mga instrumentong sinematiko na naglalayon ng bigyan ng kakaibang lapit ang pagsasabiswal ng nakaraan na siya ring nagdudulot ng bagong pagdidiskurso sa kasaysayan, tulad din ng layon ng mga pelikula ni Martin.

Nagpatuloy ang paglago ng mga pelikulang historikal sa sinehan sa mga sumunod na taon ng dekada 2000s. Mapapansin ang pagbabalik ng mga pelikulang nakatuon muli sa mga indibidwal na nag-ambag sa kasaysayan. Itinuturing ang dekada bilang "sesquicentennial" ng mga rebolusyonaryong bayani ng bansa kung saan ipinagdidiwang ang kanilang mga kapanakan: Jose Rizal noong 2011, Andres Bonifacio noong 2013, Apolinario Mabini at Emilio Aguinaldo noong 2014, at Antonio Luna noong 2016, bilang ilang halimbawa.[54] Mula rito, nagprodyus ang lokal na sinema ng mga pelikulang nakalayong bigyang paggunita ang mga bayani. Ilan sa mga pelikula ay nakatuon sa buhay ni *Andres Bonifacio sa Ang Paglilitis kay Bonifacio* (2010) ni Mario O'Hara, *Supremo* (2012) ni *Richard Somes*, at *Bonifacio: Ang Unang Bonifacio* (2014) ni Enzo Williams. Mapapanood din ang mga pelikula nina Emilio Aguinaldo sa *El Presidente* (2012) ni Mark Meily, Apolinario de la Cruz sa *Ang Hapis at Himagsik ni Hermano Puli* (2016) ni Gil Portes, at Manuel Quezon sa *Quezon's Game* (2018) ni Matthew Rosen. Kabilang din ang mga pelikula ni Jerold Tarrog na *Heneral Luna* (2015) ukol kay Antonio Luna at *Goyo: Ang Batang Heneral* (2018) na tungkol naman kay Gregorio del Pilar. Dagdag pa, matutunghayan din ang mga bagong temang pangkasasyayan naisapelikula, partikular ang mga kaganapan sa Culion Leper Colony noong panahong Amerikano sa *Culion* (2019) ni Alvin Yapan at lokal na kasaysayan ng Tayug sa *Dapol Tan Payawar na Tayug 1931* (2017) ni Christopher Gozum. Matatandaan ang kaugnay na rendisyon nito sa *Tayug: Ang Bayang Api* (1947) ni Gerardo de Leon. Mababanaag din sa dekada ang papausbong na panibagong porma ng pelikulang historikal na gumagamit ng komedi sa mga pelikulang *Historiographika Errata* (2017) ni Richard Somes at *Ang Babae sa Septic Tank 3: The Real Untold Story of Josephine Bracken* (2019)

---

[52] Patrick Campos, *The End of National Cinema: Filipino Film at the Turn of the Century* (Quezon City: University of the Philippines Press, 2016), 293.

[53] Tingnan ang Renato Loriga, "Filling the Void: The Anarchive as a Postcolonial Resource in the Cinema of Raya Martin and John Torres," *Southeast of Now: Directions in Contemporary and Modern Art in Asia* 3, no. 2 (2019): 91-111.

[54] Alvarez, "Patriotic Masculinity," 78.

ni Marlon Rivera. Maaaring tawagin bilang pangkasaysayang komedi, mainam na maging lundo ito ng mga pag-aaral sa hinaharap ukol sa kung paano magagamit ang katatawanan o komedi sa mga pelikula sa pakikipagtalastasan ukol sa nakaraan.[55]

**Ang kasaysayan ng pilipinas sa mga pelikulang historikal**

Maraming pag-aaral na ang nagtangkang bigyan ng sinematikong balangkas ang kasaysayan. Gamit ang pelikula, sinubukan ng mga pag-aaral na hanapan ng katumbas na biswalisasyon ang mga mahahalaga at piling panahon ng nakaraan. Halimbawa, makikita sa akda na *Past Imperfect: History According to the Movies* na pinamatnugutan Mark Carnes ang pagbabalangkas ng kasaysayan ng mundo sa pamamagitan ng mga pelikula. Mababanaag na kronolohikal ang lapit sa pagbabalangkas pampelikula. Sinimulan ito sa panahon ng pre-historiko, panahon ni Moises, panahon ng sinaunang kasaysayan, ang panahon ng paglalayag patungo sa panahon ng digmaang sibil sa Amerika, Una at Ikalawang Digmaang Daigdig, at Cold War.[56] Makikita rin ang ganitong lapit sa akdang *World History on the Screen: Film and Video Resource* nina Wendy Wilson at Gerald Herman. Subalit, naglantad ito ng bagong balangkas kung saan mababanaag ang pagkasentro sa mga kaganapang historikal sa Europa bilang kasaysayan ng mundo. Ang balangkas ay dumaloy sa mga tagpong historikal mula ugat ng sibilisasyon, ang sinaunang Gresya at Roma, panahon ng Renaissance at Reformation, ang rebolusyon sa Pransya at rebolusyong industriyal, ang dalawang Digmaang Pandaigdig, rebolusyong Ruso, Holocaust, hanggang sa katapusan ng ika-20 na dantaon.[57] Naglabas din ng isa pang aklat sina Wilson at Herman na nakapatungkol naman sa kasaysayan ng Amerika. Sa kasong ito, ito ay sinimulan mula rebolusyong Amerikano at digmaang Sibil, ang karanasang Great Depression hanggang sa Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig, Cold War, digmaan sa Vietnam, at kilusan ng sibil na karapatan noong 1960s.[58]

Mapapansin ang layunin ng pagsasabalangkas ng kasaysayan sa pamamagitan ng mga pelikula. Ang pinamatnugutang akda ni Carnes ay kumpilasyon ng mga rebyu o analisis ng mga pelikulang nagtangkang bigyang depiksyon ang nakaraan. Pangunahing nakapokus ang akda sa pagsasalaysay kung paano ang sinematikong kaparaanan ng mga pelikulang Hollywood, gayundin ang mga pelikulang historikal ng iba pang pambansang sine tulad ng mga bansang Britain, Germany, Australia, France, Canada, at Japan, sa mga piling yugto ng kasaysayan, tulad ng binabanggit sa unahan. Ang huling dalawang akda naman ay gumagamit ng mga pelikulang historikal bilang instrumento sa pagtuturo ng kasaysayan. Gumagamit din ang akda nina Wilson at Herman ng kronolohikal na lapit upang bigyang saysay ang kasaysayan sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga pelikula sa bawat ispesipikong yugto. Mula rito, mababasa rin sa akda ang mga giya, tanong, at buod ng mga ginamit na pelikula upang magsilbing pangunahing gabay sa pagtuturo ng kasaysayan.

[55] Tingnan ang Hannu Salmi, pat., *Historical Comedy on Screen: Subverting History with Humour* (Bristol: Intellect Ltd., 2011).

[56] Mark Carnes, pat., *Past Imperfect: History According to the Movies* (New York: Henry Colt and Company, 1995).

[57] Wendy Wilson & Gerald Herman, *World History on the Screen: Film and Video Resource* (Portland: J. Weston Walch Publisher, 2003).

[58] Wendy Wilson & Gerald Herman, *American History on The Screen: Film and Video Resource* (Portland: J. Weston Walch Publisher, 2002).

© 2022 John Adrianfer Atienza

ISSN 2651-7108

Sa seksyon na ito, susubukan ng may-akda na ibalangkas ang kasaysayan ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga pelikula.[59] Yamang nasa maagang yugto pa lamang ng pagsisiyasat, mapapansin kaagad ang limitasyon ng pag-aaral, partikular ang pagbibigay ng mga buod ng bawat pelikula. Pansamantala, minabuti muna na bigyan ng kategorisasyon ayon sa pangkasaysayang panahon na sang-ayon sa kronolohikal at tradisyunal na balangkas ng kasaysayan ng Pilipinas.[60]

| **Piryodisasyon** | **Mga Pelikula** |
|---|---|
| Panahong Pre-Kolonyal | *La Conquista de Filipinas* (1912); *Kapitan Bagwis* (1951); *Lapu-Lapu* (1955); *Perlas ng Silanganan* (1969); *Kalinga* (1969); Banaue*: Stairway to the Sky* (1975); *Kamakalawa* (1981); *Hari sa Hari, Lahi sa Lahi* (1987); *Lapu-Lapu* (2002) |
| Panahon ng Espanyol | *Palaris* (1941); *Los últimos de Filipinas* (1945); *Diego Silang* (1951); *Dagohoy* (1953); *Walang Sugat* (1957); *Ito Ang Pilipino* (1966); *Dung-aw* (1975); *1898, Our Last Men in the Philippines* (2016) |
| Rebolusyong 1896 | *Vida y Muerte del Dr. Jose Rizal* (1912); *La Vida y Muerte del Gran Martir Filipino, Dr. Jose Rizal* (1912); *Los Tres Martires* (1912); *Noli me Tangere* (1915); *El Filibusterismo* (1916); *Patria Amore* (1929); *Noli Me Tangere* (1930); *Dimasalang* (1930); *La Hija de Revolucion* (1931); *Ang Kilabot ng mga Tulisan* (1932); *Andres Bonifacio* (1934); *Teniente Rosario* (1937); *Mutya ng Katipunan* (1938); *Biak na Bato* (1939); *Sakay* (1940); *Tandang Sora* (1947); *Padre Burgos* (1949); *Sisa* (1951); *Heneral Paua* (1956); *Buhay at Pag-ibig ni Dr. Jose Rizal* (1956); *Himagsik* (1957); *Noli Me Tangere* (1959); *Alyas Sakay* (1961); *Noli Me Tangere* (1961); *El Filibusterismo* (1962); *Andres Bonifacio: Ang Supremo* (1964); *Elias, Basilio at Sisa* (1972); *Bayani* (1992); *Damong Ligaw* (1997); *Rizal sa Dapitan* (1997); *Emilio Aguinaldo* (1998); *Jose Rizal* (1998); *Ang Hapis at Himagsik ni Hermano Puli* (2016); *Ang Paglilitis kay Bonifacio* (2010); *El Presidente* (2012); *Supremo* (2012); *Bonifacio: Ang Unang Bonifacio* (2014); *Hele sa Hiwagang Hapis* (2016) |

[59] Ang mga pelikula ay kumpilasyon ng may-akda mula sa iba't ibang batis. Nick Deocampo, *Sine Gabay: A Film Study Guide* (Mandaluyong: Anvil Publishing, Inc., 2008); Campos, *The End of National Cinema*; Chua, Cruz-Lucero, & Tolentino, *A Reader in Philippine Film*; Cultural Center of the Philippines, *CCP Encyclopedia of Philippine Art*; Del Mundo Jr., *Native Resistance*; Deocampo, *Cine*; Deocampo, *Film*; Deocampo, *Eiga*; Lumbera, *Re-viewing Philippine Cinema*; Tolentino, *Geopolitics*; Vibal & Villegas, *Philippine Cinema*; del Mundo Jr., "Philippine Cinema,"; Flores,"Ang Pinilakang Himagsikan,"; Santillan, "Ang Himagsikang Pilipino sa Pinilakang Tabing."

[60] Nakabatay ang balangkas sa kumbensyunal at tradisyunal na piryodisasyon ng kasaysayan ng Pilipinas sa kadahilanang panimulang paglalapat pa lamang ang nais na isagawa ng kasalukuyang pag-aaral. Subalit, mahalagang malaman ang pagkakaroon ng iba pang piryodisasyon na mas lapat sa kontesktuwal na aspekto ng Pilipinas. Tingnan ang Ma. Carmen Peñalosa & Zeus Salazar, *Pantayong Pananaw: Bagong Historiograpiyang Pilipino Bagong Balangkas ng Kasaysayan ng Kapilipinuhan* (Bagong Kasaysayan: Quezon City, 2018); Patricio Abinales & Donna J. Amoroso, *State and Society in the Philippines* (Lanham: Rowman & Littlefield Publishers, Inc., 2005).

© 2022 John Adrianfer Atienza

| | |
|---|---|
| Panahon ng Amerikano | *The Real Glory* (1939); *Tayug: Ang Bayang Api* (1947); *Heneral Gregorio del Pilar* (1949); *American Guerrilla in the Philippines* (1950) *Ifugao* (1954); *Kilabot sa Makiling* (1959); *La Campana de Baler* (1961); *A Portrait of the Artist as Filipino* (1965); *Asedillo* (1971); *Ganito kami noon… Paano kayo ngayon?* (1976); *Hubad na Bayani* (1977); *Karnal* (1983); *Virgin Forrest* (1985); *Sakay* (1993); *Tirad Pass: The Story of Gen. Gregorio del Pilar* (1996); *Baler* (2008); *Amigo* (2010); *Rosario* (2010); *Heneral Luna* (2015); *Balangiga: Howling Wilderness* (2017); *Dapol Tan Payawar na Tayug 1931/The Ashes and Ghosts of Tayug 1931* (2017); *Ang Larawan* (2017); *Goyo: Ang Batang Heneral* (2018); *Culion* (2019) |
| Ikalawang Digmaang Pandaigdig at Okupasyong Hapones | *Manila Calling* (1942); *So Proudly We Hail!* (1943); *Bataan* (1943); *Corregidor* (1943); *Dawn of Freedom* (1944); *Back to Bataan* (1945); *They Were Expendable* (1945); *Dugo ng Bayan (I Remember Bataan)* (1946); *Fort Santiago* (1946); *So Long America* (1946); *Garrison 13* (1946); *Intramuros: The Rape of a City* (1946); *Walang Kamatayan* (1946); *Death March* (1946); *Backpay* (1947); *Halik sa Bandila* (1948); *Capas* (1949); *Batalyan XIII/Batalyon Trece* (1949); *Hantik* (1950); *The Day of the Trumpet* (1958); *Fires on the Plain* (1959); *Lost Battalion* (1960); *Battle at Bloody Beach* (1961); *Cry of Battle* (1963); *The Raiders of Leyte Gulf* (1963); *The Walls of Hell* (1964); *The Ravagers* (1965); *Pilipinas Kong Mahal* (1965); *Manila, Open City* (1968); *Patria Adorada: Dugo ng Bayani* (1969); *Santiago!* (1970); *Tatlong Taon Walang Diyos* (1976); *Pagputi ng Uwak, Pag-itim ng Tagak* (1978); *Oro, Plata, Mata* (1982); *Ianfu* (1992); *Markova: Comfort Gay* (2000); *Gatas sa Dibdib ng Kaaway* (2001); *Panaghoy sa Suba* (2004); *Aishite Imasu (Mahal Kita) 1941* (2004); *The Great Raid* (2005); *Liberacion* (2010); *Death March* (2013) |
| Ikatlong Republika hanggang Kontemporaryong Panahon | *The Moises Padilla Story* (1961); *Misteryo sa Tuwa* (1984); *Eskapo* (1995); *Dekada '70* (2002); *Ebolusyon ng Pamilyang Pilipino* (2004); *Batas Militar* (2006); *Dukot* (2009); *Sigwa* (2010); *Aparisyon* (2012); *Barber's Tales* (2013); *Mula sa Kung Ano ang Noon* (2014); *1957* (2018); *Quezon's Game* (2018) |

Mapapansin ang ilang ideya o bagay mula sa talahanayan. Lantad ang laki ng bilang ng mga pelikulang nagtangkang bigyan ng biswalisasyon ang panahon ng pananakop ng Espanya sa Pilipinas. Malaong bulto nito ay nakatuon sa depiksyon ng mga kaganapan sa huling dekada partikular sa panahon ng himagsikan. Sa talahanayan, isinama na rin sa panahon ng Rebolusyong 1896 ang mahabang listahan ng mga pelikulang ukol sa mga indibidwal na mayroong makasaysayang ambag sa naganap na kilusang kontra-kolonyal. Kung

© 2022 John Adrianfer Atienza

ISSN 2651-7108

titingnan, mayorparte rito ay mayroong kaugnayan kay Jose Rizal. Mapapansin din ang mataas na bilang ng mga pelikula ni Andres Bonifacio at Macario Sakay, gayundin ang kawalan ng pelikula ukol sa buhay at gawa ni Apolinario Mabini.

Ang mga pelikula ukol sa panahon ng okupasyong Amerikano naman ay nakatuon sa simula at katapusan ng pananakop. Mababanaag ang mga pelikulang nagbigay-kulay sa pagdatal ng Estados Unidos. Ispespiko rito ay ang pagsasabiswal ng mga kaganapang historikal sa digmaang-Pilipino Amerikano na makikita sa mga pelikulang pinagbidahan nina Antonio Luna at Gregorio del Pilar. Maliban pa rito, talamak din ang paggamit sa panahong Amerikano bilang tagpo-pelikula ng mga piksyunal na naratibong pampelikula.

Ikalawa sa pinakamalaking produksyon, kasunod ng panahon ng Espanyol, ay ang pagsasapelikula ng mga kaganapan noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig at okupasyong Hapones. Mahalagang isaad na ang mga naunang pelikula ay hindi maituturing na mga pelikulang historikal sa kabuuan yamang nilikha o naprodyus ang mga ito sa kasalukuyang panahon ng digmaan. Subalit, mahalagang ding isama ang mga pelikulang digmaan sa listahan dahilan sa nagiging batis o bintana ang mga ito sa mga naganap noon. Pagkaraan ng digmaan, malaking bilang ng mga pelikulang historikal ang nalikha na siyang nagsisilbing biswal na retaso ng madugong karanasang pambansa.

Matapos muli ang isang malagim na bahagi ng kasaysayan—ang karanasang brutal sa ilalim ng batas militar sa pamamalakad ni Ferdinand Marcos—nagkaroon muli ng magkakatulad na temang pampelikula. Maliban sa depiksyong pampelikula ng Rebolusyong 1896 at Ikalawang Digmaang Pandaigdig, umusbong ang temang pangkasaysayang pampelikula ng batas militar at panahong Marcos. Pagkaraan ng *Eskapo* (1995) na nakapatungkol sa kuwento ng mga pulitikal na bilanggo noon na sina Eugenio Lopez Jr. at Serge Osmeña at *Dekada '70* (2002) na naglalahad ng kuwento ng isang pamilyang apektado ng batas militar, nakitaan ang paglago ng mga pelikulang historikal ukol sa panahong Marcos. Iba't ibang pamamaraan at istilo ng paglalahad, kolektibong nakalayon ang mga pelikula bilang instrumento ng babala sa mga papausbong na awtokratikong pamamahalang pulitikal.

Hindi nakasama ang ilang pelikula dahilan sa ito ay tumatalakay ng nakaraan sa mahabang panahon o yaong tumatagos sa itinalagang piryodisasyon tulad ng makikita sa *Aguila* (1980). Gayundin ang mga pelikulang gumagamit ng iba't ibang historikal na indibidwal na kung titingnan ay nabuhay sa iba't ibang kapanahunan at mga eksperimental na pelikulang historikal at mga pangkasaysayang komedi.

### Kategorisayon ng pelikulang historikal

Kamukha ng iba pang porma o genre pampelikula, dumadaan sa kategorisasyon ang mga pelikulang historikal upang masuri at mapag-aralan nang husto.[61] Ang lawak at dami ng pelikulang historikal ay ang siyang nagpapaliwanag sa pangangailangan ng pagkakaroon ng pampelikulang kategorisasyon. Sa seksyong ito, susubukang bigyan kategorisasyon ang mga pelikulang historikal. Nakabatay ang tangkang kategorisasyon sa dalawang pag-aaral. Una ay ang pag-aaral ni Robert Burgoyne ukol sa mga pelikulang

[61] Rosenstone, "The Historical Film as Real History," 6.

© 2022 John Adrianfer Atienza

ISSN 2651-7108

historikal na naprodyus ng Hollywood.[62] Para kay Burgoyne, maaaring i-pangkat ang mga pelikulang kasaysayan sa limang uri. Una ay yaong mga pelikulang ukol sa digmaan. Yamang mayorparte ng mga pelikulang digmaan ay nakatuon sa mga pangyayari noong Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig, isinama na rin sa listahan ang mga lokal at rehiyunal na labanang naisapelikula. Ikalawa ay ang mga pelikulang epic. Nakatuon ang mga pelikulang epic sa dambuhala at mala-ispektakulong pamamaraang pampelikulang madalas naglalaman ng naratibo ukol sa mga matatandang sibilisasyon ng mundo at sinaunang kasaysayan, tulad ng sinaunang Ehipto o sinaunang Romano. Ikatlo ay nakatukoy sa mga pelikulang biograpikal. Atang-atang ng mga pelikulang ito ang istorya ng isang makasaysayang indibidwal. Ito ay naglalahad ng mga kuwento ng mga tao ng nakaraan na nag-ambag at nag-iwan ng marka sa kasaysayan. Ikaapat ay ang mga pelikulang tinatawag bilang metahistorikal. Mailalarawan ang mga ito bilang mga pelikulang gumagamit ng hindi kumbensyunal o karaniwang pamamaraang sinematiko. Eksperimental kung minsan, ang nilalaman ng mga metahistorikal na pelikula ay tagos sa tipikal na daloy-naratibo na madalas makikita sa karaniwang pelikulang historikal. Ibig sabihin, hindi lamang ito naglalahad ng linyar na kasaysayan bagkus nagiging sityong pampelikulang nanganganak ng mga bagong tanong o diskurso ukol sa nakaraan. Ikalima, at huli, ay ang pelikulang topikal. Mula sa pangalan, ang mga pelikulang ito ay nakatuon sa pagsasabiswal ng mga ispesipikong kaganapan mula sa nakaraan tulad 9/11 sa Estados Unidos.

Sa kabilang banda, iniuri ni Patrick Flores ang mga pelikulang historikal, partikular yaong mga ukol sa himagsikan, sa limang larangan.[63] Una ay ang mga pelikulang pasok sa larangan ng pangyayari o kaganapan. Nakatuon ito sa mga pelikulang nagtampok ng mga kaganapan ukol sa rebolusyon. Ikalawa ay ang larangan ng kabayanihan. Sa larangang ito, makikita ang mga pelikula ng mga bayani ng rebolusyon na nagpamalas ng katapangan at pag-ibig sa bayan na siya ring nagiging hugutan ng inspirasyon ng patriotismo. Subalit, nagiging problematiko ang mga pelikulang kabayanihan dahilan sa malalang nakatuon ang mga kuwento sa mga bayani na nakukulong sa imahen ng isang action hero. Ikatlo ay ang larangan ng Rizaliana. Mula sa pangalan, nakapangkat ang mga pelikulang ito sa ideya na sila ay ukol kay Rizal o adaptasyon ng kaniyang mga nobela. Ikaapat ay ang larangan ng kababaihan o mga pelikulang ang bida ay ang mga babae. Ikalima ay ang larangan ng taong bayan. Sa mga pelikulang pasok sa larangang ito, makikita ang pag-aalis ng sentralidad ng naratibong pampelikula sa mga kilalang tao ng kasaysayan at inilalagay sa taong bayan na nakasama o nakamasid sa mga kaganapan ng nakaraan.

Maliban pa sa panahunang balangkas o piryodisasyon, tulad nung ginawa sa itaas, maaaring bumuo ng panibagong pagpapangkat pampelikula sa mga pelikulang historikal na nakabatay mula sa mga kategorisasyong tinalakay. Marahil, mahalaga rin aspektong batayan sa pagkakategorya ay ang kontekstuwal-historikal na lapit at ang dami ng pelikula sa partikular na kategorya. Una sa mungkahing kategorisasyon ay ang mga pelikulang bahagi ng Rizaliana. Sa simula pa lamang ng paggawa ng mga pelikulang historikal, naging talamak na ang paggamit kay Rizal bilang sinematikong paksa. Maliban sa kaniyang talambuhay, bahagi rin ng mga pelikulang Rizal ang mga adaptasyon sa pelikula ng mga isinulat niyang nobela, partikular ang mga pelikulang solo na ang bida ay ang mga likhang karakter tulad nina Sisa at

[62] Burgoyne, *The Hollywood Historical Film.*
[63] Flores, "Ang Pinilakang Himagsikan," 185-190.

© 2022 John Adrianfer Atienza

ISSN 2651-7108

Basilio. Ikalawa, ang kategoryang biograpikal. Bahagi ng pangkat pampelikula na ito ang mga pelikulang nagsalaysay-biswal ng mga kasaysayang buhay ng mga dakilang tao ng bansa. Nagiging limitado lamang ang depiksyon sa mga buhay yamang nakatuon madalas ang mga pelikula sa mga ispesipikong pangyayari o yaong rurok ng buhay ng mga bayani. Ikatlo ay ang pelikulang digmaan. Pasok sa larangang ito ang mga pelikulang nagsabiswal ng mga kaganapan panggera katulad noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig at digmaang Pilipino-Amerikano. Hiwalay dito ang mga pelikulang ukol sa himagsikan yamang marapat na magkaroon ito ng sariling kategorya.

Ikaapat, tulad ng binanggit, ay ang mga pelikulang naglantad ng himagsikang Pilipino noong 1896. Kasama na rin sa kategoryang ito ang iba pang kaugnay na kaganapan noong kilusang kontra-kolonyal na hindi nakatuon sa buhay ng mga bayani o aktor ng rebolusyon at ang mga kuwentong pelikula ng mga nasa labas o tagamasid ng historikal na tagpo. Ikalima ay ang mga pelikulang paksain o topikal. Malawak ang sakop ng kategoryang ito na tumatalakay sa mga mahahalagang tagpo o pangkat ng tao ng kasaysayan ng bansa. Pasok dito ang mga pelikulang tumalakay sa panahon ng batas militar, mga karanasan ng mga comfort women at bakla noong Ikalawang Digmaang Daigdig, o kundisyon ng rural na espasyo sa panahon ng Ikatlong Republika. Halimbawa, maaari ring isama sa kategorya ang mga ispesipikong kaganapan tulad ng krisis-panloob at kaparaanan kung paano iniligtas ni Manuel Quezon ang mga Hudyo mula Alemanya noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig na makikita sa *Quezon's Game* (2018). Ikaanim ang mga pelikulang historikal na gumagamit ng nakaraan bilang tagpo-pelikula o background. Mas kilala bilang pelikulang period, ito ay mga pelikulang naglalaman ng piksyunal na naratibo, madalas ay melodramatiko, subalit makikitaan ng kasaysayan dahilan sa ginagalawang espasyo ay mula sa nakaraan. Ang huling kategorya ay ang mga pelikulang metahistorikal o yaong mga pelikulang gumagamit ng hindi karaniwang istilo sa paglalahad ng kasaysayan sa iskrin. Nakalayon ang mga pelikula na ito na bigyang interogasyon ang tradisyunal na lapit pampelikula sa nakaraan tulad ng makikita sa pagkuwestiyon sa konsepto ng kabayanihan sa *Bayaning 3rd World* (1999).

Gayunman, mahalaga ding idiin at isaad na maaaring maipangkat ang isang pelikula sa dalawa o marami pang kategorisasyon. Ibig sabihin, hindi limitado ang pagkategorya sa isa. Tulad halimbawa ng mga pelikula tungkol sa rebolusyon ay konektadong malalim sa buhay ni Andres Bonifacio. Mula rito, ang mga pelikulang ito ay pasok sa kategoryang Rebolusyon at Biograpikal.

| **Kategorya** | **Mga Pelikula** |
|---|---|
| Pelikulang Rizal | *El Fusilamiento de Dr. Jose Rizal* (1912); *Buhay at Pag-ibig ni Dr. Jose Rizal* (1956); *Noli Me Tangere* (1961); *Rizal sa Dapitan* (1997); *Jose Rizal* (1998) |
| Pelikulang Digmaan | *Capas* (1949); *Manila, Open City* (1968); *Santiago!* (1970); *Baler* (2008); *Amigo* (2010) |
| Pelikulang Biograpikal | *Lapu-Lapu* (1955); *Sakay* (1993); *Emilio Aguinaldo* (1998);<br>*El Presidente* (2012); *Heneral Luna* (2015) |

© 2022 John Adrianfer Atienza

| | |
|---|---|
| Pelikulang Rebolusyon | *Patria Amore* (1929); *La Hija de Revolucion* (1931); *Mag-Inang Mahirap* (1934); *Supremo* (2012); *Bonifacio: Ang Unang Bonifacio* (2014) |
| Pelikulang Paksain/Topikal | *Markova: Comfort Gay* (2000); *Eskapo* (1995); *Dekada '70* (2002);<br>*1957* (2018); *Quezon's Game* (2018) |
| Pelikulang Tagpo-Pelikula/Period | *Oro, Plata, Mata* (1982); *Karnal* (1983); *Rosario* (2010); *Ang Larawan* (2017) |
| Pelikulang Metahistorikal | *Bayaning 3rd World* (1999); *Independencia* (2009); *Historiographika Errata* (2017) |

**Pagtatapos**

Malaon pa ang dapat siyasatin sa pag-aaral ng mga pelikulang historikal sa Sineng Filipino. Malinaw na limitado pa ang isinagawang pagsisiyasat yamang marami pang kailangang bigyan ng pagkaklaro sa kategorisasyon at kasaysayan, maging sa pagtukoy sa kung ano nga ba ang isang pelikulang historikal.[64] Mataas din ang pangangailangan sa tangkang kumpilasyon ng mga pelikulang historikal. Isang malawak na pormang pampelikula, hindi pa naisama sa listahan ang mga pelikulang naglalaman ng diwa at kamalayan ng panahon ng produksyon. Ito yaong mga uri ng pelikula na siyang produkto ng panahon na nagiging mabisang dokumento o artipak. Ilang halimbawa nito ay ang pelikulang *Minsa'y Isang Gamu-gamo* (1976) ni Lupita Aquino-Kashiwahara na nagpakita ng sosyo-kultural na kundisyon ng lipunan kung kailan malala ang kolonyal na mentalidad ng mga Pilipino at kumplikasyon sa relasyong Pilipinas-Estados Unidos sa panahong post-digmaan. Dagdag pa sa binabanggit ay ang mga pelikulang naprodyus, tulad ng *Maynila, sa mga Kuko ng Liwanag* (1975) ni Lino Brocka at *Sakada* (1976) ni Behn Cervantes, noong panahon ng batas militar na siyang kolektibong nagsilbi bilang mga sining na naglantad ng kahirapan at kawalang kaunlaran sa ilalim ng diktaduryang Marcos.

Mapapansin din ang pangangailangan sa pagdaragdag ng ilang pelikula ukol sa kasaysayang buhay ng mga notoryos ng tao ng lipunan tulad ng *Asiong Salonga* (1961) ni Pablo Santiago at *Manila Kingpin: The Asiong Salonga Story* (2011) ni Tikoy Aguiluz na kapwa naglalahad ng kuwento ng dating siga ng Tondo na si Asiong Salonga. Hindi lamang nito ipinapakita ang buhay ni Salonga bagkus ang konteskto ng dulong 1940s at maagang 1950s. Dagdag pa rito ang kuwento ni Tarhata Kiram, isang Moro na kilalang ipinaglaban ang karapatan ng mga Muslim, sa mga pelikulang *Princess Tarhata* (1931) at *Tarhata* (1941) ni Manuel Silos. Ilan lamang ito sa mga dapat pang ikonsidera sa malaong bilang ng mga pelikula ukol sa mga kilalang indibidwal.

Naipapaliwanag din ang pangangailan ng ispesipikong pagsusuri sa mga pelikula lalo na sa mga pelikulang naprodyus noong maagang panahon ng sineng lokal hanggang dekada ng 1970s. Ito ay nangangailangan ng mahigpit at malalim na pananaliksik upang magkaroon ng kaliwanagan sa mga

[64] Tingnan ang Hayden White, "Historiography and Historiophoty," *The American Historical Review* 93, no. 5 (1988): 1193-1199; Marie Hughes-Warrington, *History Goes to the Movies: Studying History on Film* (Oxford. Routledge, 2007); Jonathan Stubbs, *Historical Film: A Critical Introduction* (London: Bloomsbury Publishing, 2013).

mahahalagang aspektong sinematiko, partikular na ang nilalaman ng mga pelikula. Ito, kasama ang ilan pang paglilinaw, limitasyon, at suhestiyon na nabanggit, ay kinakailangan upang mabigyan ng mas kumplikado at malalim na pag-aaral ang pelikulang historikal upang magamit nang husto sa pagtuturo ng nakaraan at pagsusuri sa epekto ng sinematikong karanasan sa pag-alam at lalong pag-aaral sa kasaysayan.

© 2022 John Adrianfer Atienza

## Mga Sanggunian

"What we know about the Andres Bonifacio movie starring Isko Moreno." Rappler. Huling binago noong Hunyo 14, 2021. https://www.rappler.com/entertainment/movies/what-we-know-so-far-andres-bonifacio-movie/.

Abinales, Patricio & Donna J. Amoroso. *State and Society in the Philippines.* Lanham: Rowman & Littlefield Publishers, Inc., 2005.

Alvarez, Kerby. "Patriotic Masculinity and Anti-Colonial Nationalism in Select Philippine Historical Films." *Southeast Asian Media Studies Journal* 3, no. 2 (2021): 77-106.

Arriola, Joyce. "Cinema as Historiographic Metafiction: The Postmodern Rizalian Texts." *CIS Journal* 2, no. 1 (March 2003): 43-58.

______. "Cultural History Through the Lens: Tracing the Nationalist Literary Tradition in Postwar Cinema." *The Journal of History* 50, no. 1-4 (January-December 2004): 270-285.

______. "The Impact of United States Colonization on the Rizalian Tradition in Cinema and Literature: A View of the Popular Arts as Postcolonial Historiography." *Plaridel* 3, no. 2 (2006): 49-74.

______. "The Role of Language and Literary Adaptations in Shaping Early Tagalog Cinema: A Study in Popular-Linguistic Nationalism." *Philippine Journal for Language Teaching* 51 (2011): 94-110.

______. "Theorizing the Filipino Historical Fiction Film." *Manila* 5, no. 1 (2009): 160-187.

Atienza, John Adrianfer. "Reel Images of War: Reading Pathé Newsreels on the Liberation of Manila During Wartime Philippines." *Humanities Diliman* 18, no. 1 (2021): 1-32.

Burgoyne, Robert. *The Hollywood Historical Film.* Oxford: Blackwell Publishing, 2008.

Campos, Patrick. "The Fil-Am Contact, the Politics of Memory, and the Ends of Cinematic Experimentation." Nasa *A Reader in Philippine Film: History and Criticism; Essays in Honor of Nicanor G. Tiongson*, mga patnugot Jonathan Chua, Rosario Cruz-Lucero, & Rolando Tolentino, 75-95. Quezon City: University of the Philippines Press, 2014.

______. *The End of National Cinema: Filipino Film at the Turn of the Century.* Quezon City: University of the Philippines Press, 2016.

Carnes, Mark, pat. *Past Imperfect: History According to the Movies.* New York: Henry Colt and Company, 1995.

Cinco, Maricar. "Malvar biopic starring Pacquiao stirs controversy." Daily Inquirer. Huling binago noong Oktubre 15, 2019.

© 2022 John Adrianfer Atienza

https://newsinfo.inquirer.net/1177576/malvar-biopic-starring-pacquiao-stirs-controversy.

Cultural Center of the Philippines, *CCP Encyclopedia of Philippine Art (Film), Vol. 7.* Manila: Cultural Center of the Philippines, 1994.

del Mundo Jr., Clodualdo. "Philippine Cinema: An Historical Overview." *Asian Cinema* 10, no. 2 (1999): 29-66.

del Mundo, Jr., Clodualdo. "Native Resistance: Philippine Cinema and Colonialism, 1898-1941." PhD diss., The University of Iowa, 1994.

Delmendo, Sharon. "Pax Americana and the Pacific Theater." Nasa *Geopolitics of the Visible*, patnugot Rolando Tolentino, 162-193. Quezon City: Ateneo de Manila Press, 2000.

Deocampo, Nick. "City, Nation, Cinema: Manila's Representation on Screen." *Manila* 5, no. 1 (2009): 188-212.

______. *Cine: Spanish Influences on Early Cinema in the Philippines.* Mandaluyong: Anvil Publishing Inc., 2007.

______. *Eiga: Cinema in the Philippines During World War II.* Mandaluyong: Anvil Publishing Inc., 2016.

______. *Film: American Influences on Philippine Cinema.* Mandaluyong: Anvil Publishing Inc., 2011.

______. *Sine Gabay: A Film Study Guide.* Mandaluyong: Anvil Publishing, Inc., 2008.

Flores, Patrick. "Ang Pinilakang Himagsikan." Nasa *Wika, Panitikan, Sining, at Himagsikan*, mga patnugot Atoy Navarro & Raymund Arthur Abejo, 183-196. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan, 1998.

Gier, Jean Vengua. "The Filipino Presence in Hollywood's *Bataan* Films." Nasa *Geopolitics of the Visible*, patnugot Rolando Tolentino, 35-57. Quezon City: Ateneo de Manila Press, 2000.

Guerrero, Milagros. "The Colorum Uprising 1924-1931." *Asian Studies* 43, no. 1 (2007): 75-88.

Hawkins, Michael. "Co-Producing the Postcolonial: U.S.-Philippine Cinematic Relations, 1946-1986." PhD diss., University of California, 2008.

Hedman, Eva-Lotta. "The Spectre of Populism in Philippine Politics and Society: Artista, Masa, Eraption!" *South East Asia Research* 9, no. 1 (2001): 5–44.

Hughes-Warrington, Marie. *History Goes to the Movies: Studying History on Film.* Oxford. Routledge, 2007.

© 2022 John Adrianfer Atienza

ISSN 2651-7108

Jarvie, Ian. "Seeing Through Movies." *Philosophy of the Social Sciences* 8 (1978): 374-397.
Jaucian, Don. "Master and Commander: How Manuel Conde made 'Genghis Khan'." CNN Philippines. Huling binago noong Oktubre 19, 2020. https://www.cnnphilippines.com/life/entertainment/Film/2020/10/19/manuel-conde-genghis-khan.html.

Leavold, Andrew. "Bamboo Gods and Bionic Boys: A Brief History of the Philippines' B Films." *Plaridel* 11, no. 1 (2014): 128-172.

Lofgren, Erik. "Ideological transformation: Reading Cannibalism in Fires on the Plain." *Japan Forum* 16, no. 3 (2004): 401-421.

Loriga, Renato. "Filling the Void: The Anarchive as a Postcolonial Resource in the Cinema of Raya Martin and John Torres." *Southeast of Now: Directions in Contemporary and Modern Art in Asia* 3, no. 2 (2019): 91-111.

Lumbera, Bienvenido. *Re-viewing Philippine Cinema.* Mandaluyong: Anvil Publishing, Inc., 2011.

Navarro, Atoy. "Kasaysayan at Pelikula: Panonood-Pelikula sa Pagtuturo ng Bagong Kasaysayan." Nasa *Kaalaman at Pamamaraan sa Pagtuturo ng Kasaysayan*, mga patnugot Atoy Navarro, Alvin Campomanes, & John Lee Candelaria, 133-138. Quezon City: University of the Philippines, Lipunang Pangkasaysayan, 2008.

Peñalosa, Ma. Carmen & Zeus Salazar. *Pantayong Pananaw: Bagong Historiograpiyang Pilipino Bagong Balangkas ng Kasaysayan ng Kapilipinuhan.* Bagong Kasaysayan: Quezon City, 2018.

Quintos, Jay Jomar. "Ang Diskurso ng Pelikula sa Kolonyalismo at Ikatlong Daigdig." Nasa *A Reader in Philippine Film: History and Criticism; Essays in Honor of Nicanor G. Tiongson*, mga patnugot Jonathan Chua, Rosario Cruz-Lucero, & Rolando Tolentino, 58-74. Quezon City: University of the Philippines Press, 2014.

Reyes, Isidra. "He has done movies with FPJ, Dolphy & two National Artists, but you don't know his name." ABS-CBN News. Huling binago noong Oktubre 29, 2019. https://news.abs-cbn.com/ancx/culture/movies/10/29/19/he-made-movies-with-dolphy-fpj-two-national-artists-but-you-dont-know-his-name.

Rodriguez-Tatel, Mary Jane. "Kanya-kanyang Rizal: Diskurso ng Kabayanihan sa Pelikulang Rizal." *Daluyan*, 25, no. 1-2 (2019): 11-39

Rosenstone, Robert. "The Historical Film as Real History." *Film-Historia* 5, no. 1 (1995): 5-23.

______. *History on Film/Film on History.* London: Longman/Pearson, 2006.

Salmi, Hannu, pat. *Historical Comedy on Screen: Subverting History with Humour.* Bristol: Intellect Ltd., 2011.

© 2022 John Adrianfer Atienza

ISSN 2651-7108

Santillan, Neil Martial. "Ang Himagsikang Pilipino sa Pinilakang Tabing (1912-1970): Isang Panimulang Pag-aaral." Nasa *Wika, Panitikan, Sining, at Himagsikan*, mga patnugot Atoy Navarro & Raymund Arthur Abejo, 155-182. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan, 1998.

Sorlin, Pierre. "The Film in History." Nasa *The History Film Reader*, patnugot Marie Hughes-Warrington, 15-16. Oxford: Routledge, 2009.

Stubbs, Jonathan. *Historical Film: A Critical Introduction.* London: Bloomsbury Publishing, 2013.

Tiongson, Nicanor. "Film and History." *DLSU Dialogue* 16, no. 2 (1981): 1-7.

______. "Heneral Luna: Appreciation and Reservation." *Plaridel* 13, no. 1 (2016): 137-147.

______. *The Cinema of Manuel Conde* (Manila: UST Publishing House, 2005).

Tofighian, Nadi. "José Nepomuceno and the Creation of a Filipino National Consciousness." *Film History* 20, no. 1 (2008): 77-94.

Tolentino, Rolando. "Hinahanap, Kaya Nawawala." *Plaridel* 13, no. 1 (2016): 182-184.

______. "Introduction." Nasa *Geopolitics of the Visible*, patnugot Rolando Tolentino, vii-xxi. Quezon City: Ateneo de Manila Press, 2000.

______. "Japanese Cinema's Representation of the Philippines." Nasa *Keywords: Essays on Philippine Media Cultures and Neocolonialisms*, patnugot Rolando Tolentino, 107-150. Quezon City: Ateneo de Manila Press, 2016.

______. "Nations, Nationalisms and Los últimos de Filipinas: An Imperialist Desire for Colonialist Nostalgia." *Kasarinlan* 14, no. 2 (1998): 107-126.

______. "Sinema ng Milenyo: Kritisismong Pampelikula, Kritisismong Pambansa." Nasa *A Reader in Philippine Film: History and Criticism; Essays in Honor of Nicanor G. Tiongson*, mga patnugot Jonathan Chua, Rosario Cruz-Lucero, & Rolando Tolentino, xi-xxviii. Quezon City: University of the Philippines Press, 2014.

Toplin, Robert. *History by Hollywood: The Use and Abuse of the American Past.* Illinois: University of Illinois Press, 1996.

Vibal, Gaspar & Dennis Villegas. *Philippine Cinema, 1897-2020.* Quezon City: Vibal, 2020.

White, Hayden. "Historiography and Historiophoty." *The American Historical Review* 93, no. 5 (December 1988): 1193-1199.

Wilson, Wendy & Herman, Gerald. *American History on The Screen: Film and Video Resource.* Portland: J. Weston Walch Publisher, 2002.

© 2022 John Adrianfer Atienza

ISSN 2651-7108

______. *World History on the Screen: Film and Video Resource.* Portland: J. Weston Walch Publisher, 2003.

Yew, Leong. "Sympathetic Collaboration and the Made-for-US Philippine Films of the 1950s to 1970s." *Screen* 59, no. 2 (2018): 176-196.

© 2022 John Adrianfer Atienza